（タガログ語）

**被災や失業に伴う国民健康保険料の減免、生活費の確保について**

**Ang pagbaba ng halaga o pagpapalibre ng bayad sa National Health Insurance dahil sa pagkapinsala sa sakuna o pagkawala ng trabaho, at ang pagbigay siguro na may panggastos upang makapamuhay**

1. **Tungkol sa pagbaba ng halaga o pagpapalibre ng bayad sa National Health Insurance dahil sa pagkapinsala sa sakuna o pagkawala ng trabaho**

Karamihan sa mga munisipalidad ay may sistema upang ibaba ang halaga ng bayad sa insurance o gawing libre ito para sa mga taong napinsala ng sakuna. (Ang halaga ng ibababa ay nag-iiba batay sa munispyo.)

Kahit na hindi direktang napinsala ng sakuna, ang mga taong nawalan ng trabaho dahil natanggal sa trabaho o nagsara ang pinapasukan dahil sa pagkalugi, ay maaaring mababa ang halaga ng bayad sa National Health Insurance. Ngunit kailangang tumatanggap ng sustento para sa mga nawalan ng trabaho. Ano man ang kaso, kailangan ang magbigay ng kahilingan sa munisipyo.

Ang mamamahala: Ang munisipyo na sumasakop sa tirahang lugar

2. **Ang pagbigay siguro na may panggastos upang makapamuhay ~Sistema sa Pagpapahiram ng Pera na Mababa ang Tubo~**

May sistema sa paghiram ng pera na mababa ang tubo na maaaring magamit upang magkaroon ng panggastos upang makapamuhay sa kasalukuyan. Ang [pang-emerhensiyang maliit na halagang pondo] na pinamamahalaan ng Social Welfare Council ng munisipalidad, ay itinaas ang halaga hanggang ¥200,000 ng pinakamalaking maaaring mahiram na pera para sa mga napinsala ng sakuna. Sa [pondo sa pankalahatang suporta] naman na para sa mga taong nawalan ng trabaho, atbp, maaaring makahiram ng hanggang ¥200,000 buwan-buwan sa loob ng isang taon.

Ang namamahala: Ang Social Welfare Council ng munisipalidad na sumasakop sa tirahang lugar